S I L Y A B
POKUS
UNANG EDISYON | PEBRERO 2021

# SAYAW SA BUBOG:
## Charter Change ng Rehimeng US-Duterte




*Mula sa Editoryal ng Ang Bayan na ilinathala noong Hulyo 21, 2018*

# PANIMULA

Handog ng Silyab, rebolusyonaryong pahayagan ng PKP-Bikol, ang *Pokus,* kulumpon ng mga materyales mula sa pambansa hanggang panrehiyunal na yunit pampropaganda. Layunin nitong giyahan ang mga instruktor at iba pang mambabasang nais magpalalim ng pag-aaral sa mga isyung panlipunan.

Ang unang edisyon ng *Pokus* ay kulumpon ng mga materyales pampropagandang tumatalakay sa Charter Change ng rehimeng US-Duterte. Nitong Pebrero 2021, lumusot na sa antas ng komite sa Kongreso ang Resolution of Both Houses No. 2 (RBH 2), ang pinakabagong bersyon ng Cha-Cha na pinanukala ng pasistang rehimen. Makikita sa mga pahayag at iba pang materyal dito kung anuman ang pinagkaiba ng mga bersyong pinanukala mula 2018 hanggang kasalukuyan. Ngunit sinuman man ang nagpanukala at anuman man ang laman, iisa lamang ang layunin nito: Ang buu-buong pagbubukas ng ekonomya sa dayuhang pandarambong at ang pagpapalakas ng diktadura ng rehimeng US-Duterte.

# LINALAMAN


| | |
|---|---|
| Timeline ng Charter Change | 4 |
| Mga Pahayag ni Ka Ma. Roja Banua, tagapagsalita ng NDF-Bikol | 7 |
| Pahayag ng Rebolusyonaryong Organisasyong Masa | 11 |
| Pahayag ni Marco Valbuena, tagapagsalita ng PKP | 10 |
| Mga Pahayag ni Jose Ma. Sison, Tagapangulong Tagapagtatatag ng PKP | 14 |
| Mga Artikulo mula sa *Ang Bayan* | 17 |
| Pampleto | 24 |
| Infographics | 27 |
| Batoy | 32 |
| Apendiks | 40 |



Nel Del Mundo
Pat Del Rosario
marojabanua.wordpress.com
gintongsilahis50
Ma Roja Banua
ndfp73bicol@gmail.com
yandex.com/silyabbikol
Gintong Silahis

# TIMELINE NG CHA-CHA

## 2016

**Agosto 2, 2016** - Hinain nina Pampanga 3rd Dist. Rep. Aurelio 'Dong' D. Gonzales at ABS Partylist Rep. Eugene Michael De Vera ang *Resolution of Both Houses No. 8.* Ilan sa mga ipinapanukala nito ang pagkakaroon ng pederal na porma ng gubyerno, pagtatanggal ng mga restriksyon sa ekonomya at pambansang patrimonya, pag-aalis ng pusisyon ng bise presidente, pagligalisa sa madugong drug war at pagtatanggal ng term limits ng mga kasapi ng Mababa at Mataas na Kapulungan ng Kongreso.

## 2017

Sa taong 2017, irinatsada ang resolusyong nagtatakdang magaganap ang Cha-Cha sa pamamaraan ng *Constituent Assembly.* Sa ganitong pamamaraan, ituturing na kinatawan ng interes ng mamamayan ang mga myembro ng Kongreso kaya hindi na kailangang magkaroon ng eleksyon o iba pang proseso sa pagpili ng mga lalahok sa pagbubuo ng bagong saligang batas. Sa boto ng mayorya ng mga kasapi ng Kongreso, maaaring ipatawag ang *Constituent Assembly*. Ngunit anumang pagbabago sa saligang batas ay dapat maaprubahan ng ¾ ng lahat ng myembro ng Kongreso. *Makikita ang iba pang pamamaraan ng pagbago ng konstitusyon sa Apendiks.*

## 2018

**Enero 18, 2018** - Unang nailabas ang *subcommittee reports* batay sa *Resolution of Both Houses No. 8.* Sa mahabang panahon, tumigil ang usapan ng Cha-Cha sa Kongreso dahil sa paghahanda para sa eleksyon 2019 at pagsisimula sa paggiling ng 2019 badyet.

**Hulyo 30, 2018** - Muling nagtapos ang sesyon ng Kongresong bigo ang itinutulak na Cha-Cha (*Resolution of Both Houses No. 8).* Sa taong ito, ipinanukala naman ang **Resolution of Both Houses No. 15.** Matingkad sa borador nito ng bagong Konstitusyon ang pagdaragdag ng isa pang artikulong nagtatakdang 'obligasyon' ng mamamayan ang pagsunod sa lahat ng atas ng reaksyunaryo at pasistang gubyerno, ang pagkakaroon ng *two-party system* at pagtitiyak na ang pangulo at pangalawang pangulong mahahalal ay magmumula sa iisang pampulitikang pangkat at pinalawig na termino para sa mga kasapi ng Mababa at Mataas na Kapulungan, presidente at bise presidente. Kabilang pa rin sa mga panukala ang pag-aalis ng restriksyon sa pambansang ekonomya at patrimonya.

**Oktubre 31, 2018** - Linikha ni Duterte ang *Inter-Agency Task Force on Federalism* sa pamamagitan ng *Memorandum Circular No. 52.* Layunin nitong magpalaganap ng impormasyon hinggil sa pederalismo. Iniimbwelto nito sa naturang proyekto ang lahat ng ahensya ng gubyerno*, government owned and controlled corporations (GOCCs)* at

# 2019

**Hunyo 20, 2019** - Isang mambabatas ang nag-ulat sa midyang inatasan ni Duterte ang 125 bagong kasapi ng House of Representatives at ilang muling nahalal mula sa iba't ibang pampulitikang pangkat na tuluy-tuloy na pag-aralan ang mga maaari pang pagbabago sa 1987 Konstitusyon.

**Hulyo 8, 2019** - Inanunsyo ni Duterte ang kanyang suporta para sa Cha-Cha.

**Hulyo 27, 2019** - Bagong sesyon ng Kongreso. Kailangang maghaing muli ng mga panukala para sa Cha-Cha.

**Agosto 6, 2019** - Kumabig ang *House of Representatives* sa pagtutulak ng Cha-Cha. Ayon kay *Majority Leader* at Leyte Rep. Martin Romualdez, hindi ito prayoridad ng kamara.

**Oktubre 9, 2019** - Pagtutulak ng DILG sa *Constitutional Reforms (CORE),* na mayroong partikular na pokus sa reporma sa diumano'y pagpapaunlad ng kanayunan, sa halip na baguhin ang buong Konstitusyon.

**Disyembre 2019** - Tusong ilinusot ng *House Committee on Constitutional Amendments* ang panukala para sa pag-amyenda ng 1987 Konstitusyon.

# 2020

**Enero 2020** - Nakahanda na ang House Committee on Constitutional Amendments para pagbotohan ang mga panukalang probisyon para sa Cha-Cha. Saka pa lamang isusumite ang mga naaprubahang probisyon sa plenaryo ng kamara.

**Pebrero 19, 2020** - Pinausog ni Cagayan De Oro Rep. Rufus Rodriguez, na siya ring tagapangulo ng *House Committee on Constitutional Amendments*, ang botohan para sa mga panukalang probisyon ng Cha-Cha. Aniya, kinakailangan pa ng pinalawig na talakayan hinggil sa mga panukalang probisyon ng IATF. Naglalayon itong bigyan ang mga lokal na yunit ng gubyerno ng higit na malaking bahagi sa pambansang badyet at bigyan ng lalong malaking kapangyarihan ang mga *Regional Development Council (RDC).*

**Mayo 17, 2020** - Sa kalagitnaan ng Covid-19, hindi napigilan ang DILG na itulak ang Cha-Cha na udyukin ang mga rehiyunal na upisina nitong patuloy na mangalap ng 2 milyong

pirmang sang-ayon sa mga amyenda sa Konstitusyon.

**Hulyo 2020** - Minobilisa ng rehimeng US-Duterte, partikular ang DILG at ang League of Municipalities of the Philippines (LMP) sa pagtutulak ng Cha-Cha na ihahain pagbalik ng sesyon ng Kongreso sa huling linggo ng Hulyo. Ihinayag ni LMP National President at Ilocos Sur Mayor Chavit Singson na 1,488 mayor ang kakampanya para sa pagtutulak ng Cha-Cha na higit na magbibigay ng kapangyarihan sa mga lokal na awtoridad.

**Hulyo 20, 2020** - Idineklarang pag-uusapan ulit ng House Committee on Constitutional Amendments ang Cha-Cha pagkatapos ng ikalimang SONA ni Duterte. Sa panahong ito, ihinain na rin ni Marinduque Rep. Lord Allan Velaso, pumalit na *House Speaker* noong Oktubre 2020, ang kanyang beryson ng Cha-Cha. Ngayong 2021, nakilala ito bilang *Resolution of Both Houses No. 2* o *'economic Cha-Cha'.* Inaalis nito ang mga restriksyon sa pambansang ekonomya at patrimonya.

**Hulyo 21, 2020** - Sinabi ni Presidential Spokesperson Harry Roque na hindi prayoridad ng rehimeng US-Duterte ang pag-amyenda sa 1987 Konstitusyon.

**Hulyo 24, 2020** - Nagpahayag sina Senate Minority Leader Franklin Drilon, Senator Richard Gordon at Senator Sherwin Gatchalian na mapanghati ang usapin ng Cha-Cha at hindi tamang pag-usapan sa panahon ng pandemya.

**Hulyo 27, 2020** - Minungkahi ni Senate President Vicente Sotto III sa mga nagtutulak ng Cha-Cha na baguhin na lamang ang *Local Government Code.*

**Disyembre 15, 2020** - Itinulak ni Quezon City Rep. David 'Jayjay' Suarez na muling buhayin ang talakayan sa Cha-Cha sa mababang kapulungan ng Kongreso. Para makamit umano ang *'better normal'* sa gitna ng Covid-19 pandemic. Bibilis at masisistematisa ang pagtapos sa krisis kung maitatama ang kakulangan ng sistema, partikular na rito ang decentralization ng kapangyarihan mula sa national government tungo sa mga local government unit.

## 2021

**Enero 10, 2021** - Idineklara ng rehimeng US-Duterte na tinatanaw nitong matapos ang talakayan ng Cha-Cha sa Kongreso upang maisabay ang plebisito para sa bagong Konstitusyon sa eleksyon 2022.

**Pebrero 2021** - Lumusot na sa House Committee on Constitutional Amendments, sa pamumuno ni AKO Bikol Rep. Alfredo 'Pido' Garbin, Jr., ang Resolution of Both Houses No. 2. Panukala nitong alisin ang lahat ng restriksyon sa ekonomya.

# PAHAYAG NI KA MA. ROJA BANUA

**Charter-Change sa pamamagitan ng Pasistang Revolutionary Government ang pakay ni Duterte**

Enero 17, 2021

Senyales ng desperasyon at tumitinding pagkahiwalay sa mamamayan ang pakanang pagratsada ni Duterte ng Cha-Cha gamit ang kanyang militar at mga alipuris niya sa Kongreso at Senado sa pamamagitan ng "Constituent Assembly". Pinangangambahan niyang mawala sa poder kung siya'y mapatalsik ng mamamayan o mamatay sa kanyang sakit. Sa pagratsada ng Cha-Cha, layunin niyang itayo ang pasistang diktadurang ala-Marcos at makuha ang basbas ng kanyang imperyalistang among Estados Unidos kapalit ang 100% dayuhang pagmamay-ari at kontrol sa lupa, walang sagkang dayuhang pamumuhunan at largadong pandarambong ng rekurso ng bansa. Sa pamamagitan ng walang taning niyang paghahari o ng kanyang tagapagmana, matatakasan niya ang masakdal at makulong sa kanyang mga krimen mula sa taksil na pagbenta ng soberanya ng bansa, malawakang korupsyon at maramihang pagpatay.

Tulad ng kanyang ginawa bago tumakbo sa pagkapangulo, pinalalabas niyang tinatanggihan niya ang pagpapalawig ng kanyang termino kahit sa totoo'y ito ang kanyang hinahangad. Sa katunayan, nalantad ang panibagong paghahanda ni Duterte na baguhin ang Konstitusyon matapos nitong pulungin ang liderato ng Kongreso at ilang mga upisyal ng militar noong Disyembre 2020 para idisenyo ang pagtutulak ng naturang panukala.

Dahil hindi suportado ng taumbayan, kinailangan niyang kabigin ang aktibong suporta ng militar at pabor ng bagong pangulo ng Estados Unidos na si Joe Biden sa pagtutulak ng Cha-Cha. Ginamit niyang batayan ang pagdurog sa CPP-NPA sa tabing ng pagtanggal sa sistemang party-list upang protektahan ang gubyerno sa mga nais magpabagsak rito. Ginamit niya ring tabing ang pagrekober sa pandemya upang itulak ang 'Economic Cha-Cha' at alisin ang umano'y mga 'restriksyon' sa daloy ng dayuhang pamumuhunan at pagkulimbat ng yaman ng bansa.

Bagamat tulad rin ng nagdaang mga rehimen, higit na mapanganib ang mga hakbangin ni Duterte dahil sa posibilidad na palitan o baguhin ang Konstitusyon sa pamamagitan ng isang 'rebolusyonaryong gubyerno'. Matatandaang sa nasabing pulong ay pinagbantaan niya ang Kongreso na kung sakaling mabigo itong mabuo bilang isang constituent assembly ay tiyak niyang ipauubaya ang Cha-Cha sa militar. Mabigo man ang Kongreso na maipasa ang Cha-Cha, tiyak si Duterte na may alternatibong

hakbangin pa upang makapagpalawig ng poder, liban pa sa pakanang malawakang pangungurakot at pandaraya sa eleksyong 2022 upang ipuwesto ang kanyang anak na si Sara.

Maaari niyang gawin ang rebolusyonaryong gubyernong ito bilang isang transitoryo subalit pangmatagalang gubyernong militar na naglalayong repasuhin ang Konstitusyon upang tuluyang ipataw ang pasistang diktadura at pahintulutan ang ganap na dayuhang kontrol sa ekonomya ng bansa. Walang kaduda-dudang kikitlin ang mga karapatan, kalayaang sibil at katiting na puwang ng demokrasyang nakasaad sa kasalukuyang Konstitusyon.

Isang malaking panlilinlang ang pagsangkalan ng 'Economic Cha-Cha' upang paunlarin ang ekonomya. Hindi kasalanan ng Konstitusyon kung bakit nananatiling bansot at atrasado ang ekonomya ng bansa. Tahasang ipinagkait ng lahat ng nagdaang rehimen sa sambayanang Pilipino ang pagsasakatuparan ng saligang mga nilalaman nito. Mula nang maratipika ang Konstusyong 1987, iba't ibang mga neoliberal na patakaran mula structural adjustment programs, Philippines 2000, globalization, US Partnership for Growth at PH-Progreso sa ilalim ni Duterte ang nagpapatunay hindi lang ng pagluwag, kundi matagal nang pangingibabaw ng dayuhan sa ekonomya ng bansa.

Nananawagan ang NDF-Bikol sa mamamayang Bikolano: sa harap ng banta ng papatinding pandemya't terorismo ng estado, dapat tutulan ang Cha-Cha at anumang pakana ni Duterte upang makapanatili sa kapangyarihan. Masdan na lamang ang Kabikulan na pinuno ng kaliwa't kanang dayong pamumuhunan mula Palanog Cement Factory, Filminera Mining at Masbate Ecotourism Zone at iba pang mga proyektong BBB. Sa kabila ng mga ito, bakit nananatili pa rin ang Kabikulan bilang isa sa mga pinakamahihirap na rehiyon?

Sa halip, dapat nating igiit ang ating karapatan sa buhay, trabaho, lupa, edukasyon, disenteng sahod at kabuhayan, libreng serbisyong panlipunan, at kalusugan na ilinatag ng Konstitusyong ito. Higit sa lahat, dito rin nakapaloob ang ating tungkuling gamitin ang kapangyarihan nating mamamayan upang magpabagsak ng isang diktador at mapaniil na rehimen.

## Hadlangan at labanan ang Charter Change! Singilin, papanagutin at pabagsakin ang rehimeng US-Duterte!

Hulyo 27, 2020

Walang paglagyan ang pag-aapura ni Duterte na lubusin ang lahat ng plano niya para sa kanyang mga alipures, burukrata at imperyalistang amo sa nalalabing dalawang taon ng kanyang termino. Nasa tagudtod nito ang pinakaaasam nilang Charter Change (Cha-Cha). Ngunit, ipantabing man ni Duterte ang pandemya ng Covid-19 para sa Cha-Cha, lumang tugtugin na ito para sa mapanuring mamamayang Pilipino. Wala ni anumang rehimen ang nagkasya sa mga probisyon ng Konstitutisyong 1987 para sa pagpapanatili at pagtatanggol ng soberanya ng Pilipinas at mamamayang Pilipino at paglilimita ng kapangyarihan ng naghaharing-uri.

Buu-buong ibinubukas ng Cha-Cha ang ekonomya sa dayuhang panghihimasok. Kinokonsolida nito ang supermayorya ni Duterte sa Kongreso sa pamamagitan ng pagpapalawig ng kanilang termino at pagpapatibay ng kanilang pampulitikang interes lampas pa sa 2022. Tahasan nitong inaalis ang soberanong karapatan ng mamamayang ipaglaban ang kanilang mga karapatan at tinuturing lamang silang mga bulag na tagasunod ng pasistang estado. Pinakikitid nito ang dati nang linilimitahang partisipasyon ng mga batayang sektor sa gubyerno. Inaabswelto nito ang estado mula sa mga tungkuling maipatupad ang tunay na reporma sa lupa, magbigay ng libre at abot-kayang serbisyong panlipunan at kilalanin ang karapatan ng mamamayan.

Para sa Bikolanong anakpawis, nangangahulugan ang Cha-Cha ng ngumangatngat na kalam ng sikmura at pag-aalmusal ng pangamba para sa kanilang kaligtasan. Babawiin nito mula sa mamamayan ang kakarampot pa lamang na burges-demokratikong karapatang ibinunga ng kanilang walang maliw na pagbangon. Wala pa mang Cha-Cha, ito na ang kanilang hinarap. Puspusang itinutulak ng rehimeng US-Duterte ang malawakang pangangamkam ng lupain ng masang anakpawis– gaya ng nangyari sa paliparan sa Albay, pagpapalawak ng mga kalsada sa Sorsogon, pagpasok ng mga dambulahang minahan sa Camarines Sur at Camarines Norte at malalaking proyektong panturismo sa Masbate.

Sa labas ng mga de-aircon at marmol na upisina ng mga burukratang papet, dumadagundong ang panawagan ng mamamayan kapwa sa mga lansangan at pusod ng kanayunan: Ibagsak ang rehimeng US-Duterte! Hamon para sa rebolusyonaryong kilusang masinsin at puspusang organisahin ang lahat ng mamamayang handang lumaban at ipagtanggol ang kanilang mga karapatan. Patingkarin ang demokratikong rebolusyong

bayan bilang natatanging solusyon laban sa lupit ng kahirapan at pang-aapo. Lagi't lagi, sa kabila ng masalimuot na landas ng pakikibaka, kaisa ng lahat ng patriyotiko at mamamayan ang NDF-Bikol at mga rebolusyonaryong organisasyon sa ilalim nito sa lahat ng laban para sa tunay na kalayaan, katarungan at demokrasya.

# PAHAYAG NG REBOLUSYONARYONG ORGANISASYONG MASA

### Duterte's Charter Change carries the worst of neoliberal and dictatorial agenda

July 27, 2020

Lupon ng mga Manananggol para sa Bayan-Bikol (LUMABAN-Bicol) strongly condemns the US-Duterte regime's plot to prioritize and ensure the fruition of Charter Change (Cha-Cha) before 2022. This has, however, been in the making since 2016 – first, under the banner of federalism, anti-corruption and effectuating societal change; and now, it is being railroaded under the guise of an economic recovery plan due to the Covid-19 crisis. Whatever card Duterte plays does not change the reality that Cha-Cha is but a contract that binds the masses to the whims of imperialists, bureaucrat capitalists and fascists. For the people, Cha-Cha carries the worst of neoliberal and dictatorial agenda. It breaches all rights and safeguards the people fought for through the 1987 Constitution.

Cha-Cha freely hands over Philippine sovereignty to the imperialists. It removes the limitations on foreigners' ownership of public and private land, public utilities, exploration and exploitation of mineral resources and other raw materials, education, media, advertising, and even the practice of one's profession. It will thwart the people's struggle in defending their country from foreign aggression and state terrorism, exponentially increase landlessness among farmers and completely convert public services into businesses, thereby pushing the Filipino people in a state of mendicancy.

Cha-Cha fortifies Duterte's fascist rule. After passing and, now, implementing the Anti-Terrorism Act (ATA), the fascist regime remains hellbent at evading the people's justice and silencing all critics. Duterte's Cha-Cha ensures the presence of his supermajority even beyond 2022, with term extensions and more elitist requisites for aspiring public servants. Cha-Cha undermines people's rights. It enslaves the people to the interests of the state. It is contradictory to the fundamental character of a democratic and republican state built by the people, for the people.

How can anyone defend and stand by a Constitution that would effectively destroy the lives and livelihood of the broad masses? The 1987 Constitution is not perfect, but at the very least institutionalized bourgeois-democratic reforms the people fervently fought for during the Martial Law years. Cha-Cha not only revives but magnifies the economic and political strife suffered by the people under Marcos' autocratic rule. LUMABAN-Bikol challenges lawyers to represent the masses in and out of the court. Stand in the forefront of this battle, alongside the working class, the peasants, the youth and other sectors of society. Any attempt to revolutionize the law should come from the Filipino people and empower them.

# PAHAYAG NI MARCO VALBUENA

## Duterte again using NPA as pretext for extension through charter change

January 8, 2021

1. Malacañang claimed yesterday that it has nothing to do with moves in the Senate and House of Represenatives to push for charter change. This is bull. Senate President Sotto himself revealed that he attended a November 2020 meeting with Duterte, together with a number of senators, congressmen and senior military officials where Duterte impressed upon them that he wants a constituent assembly convened to amend the 1987 Philippine constitution.

2. Sotto says Duterte wants two things: remove or amend partylist system, reflecting the views of the Lorenzana and his ilk at the NTF-ELCAC; and amend the 1987 constitution's economic provisions, which has long been lobbied for by the US government and American big business groups. When told that congress can simply amend the party-list law, Duterte insisted that what he wants is to convene a constituent assembly, revealing an agenda bigger than the party-list system.

Duterte styles the push for charter change as an extension of his red-baiting drive to silence progressive party lists and other democratic forces, and of his regime's drive against the CPP and NPA. In so doing, he has secured the military and US's support to help get "chacha" off the ground.

3. He is also pushing for "economic amendments" to make the constitution congruent with full liberalization by removing certain provisions upholding national patrimony consistent with the interests of any self-respecting sovereign nation. "Economic chacha" is an enticement to further secure US imperialist support and dissuade the conservative pro-US political opposition from further participating in any anti-Duterte united front. But this agenda is plain to see

and will likely be rejected.

The broad masses must oppose “chacha” even if it is exclusively for “economic amendments.” The neoliberal “economic amendments” being pushed by US companies and big business will further condemn the country to perpetual crisis and backwardness. Allowing foreign capitalists full control over our Philippine land, other resources and business operations will only make the country a perennial beggar. Foreign capital never helped the country stand on its own two feet.

4. Duterte has repeatedly claimed he does not want to stay any minute longer after his term ends. Based on four years of Duterte’s lies, no one believes this claim? He is a master of saying one thing and doing another. Will he be doing a Marcos, who in 1970, promised not to run for a third term, two years before declaring martial law.

In fact, Duterte does not only want term extension–he wants to die while in power or at least while his political dynasty is in power. He claims he is ready to go to prison to face the consequences of his actions. Another lie. In fact, anticipating this, he withdrew Philippine membership from the International Criminal Court. He is now doing everything to avoid having to face trial and imprisonment over his crimes of murder, corruption and treason.

5. Once a constituent assembly is convened, anything goes, especially as it will be under supermajority control of his minions, who are ever ready to please the tyrant. They can decide to extend Duterte’s stay by one year or two, or allow him to run a second term.

6. Duterte’s minimum aim is use chacha against the Left, disunite and undermine the political opposition and cement US support. His maximum is to extend his term either by removing term limits or putting in place transitory provisions. If this maximum objective could not be achieved, Duterte still has other schemes in play including propping -up and securing the 2022 presidential ambition of his power-hungry daughter Sara, or outright declaration of martial law or “revolutionary government” to impose a fascist dictatorship.

## Press Statement: On the Order to Close Down Rappler and the Railroading of Bicameral Resolution No. 8

*January 9, 2018*

Starting this month, the Lower House and the Senate will railroad the bicameral resolution constituting themselves as the Constituent Assembly in order to revise the 1987 Constitution and make a new charter under the pretext of shifting from a unitary to a federal form of government.

But in fact Duterte and his supermajority in Congress are junking the 1987 Constitution and making a charter change to make way for a fascist dictatorship or a one-man rule in which the powers of government are overconcentrated in the hands of Duterte on top of regional governments run by big compradors, landlords, corrupt bureaucrats and warlords like him.

Duterte and his cohorts are engaged in political swindling when they stay that federalism is the cure to all the big problems of the Philippines. Whatever is the form of government, the rottenness of the semicolonial and semifeudal ruling system under US imperialism and the local exploiting classes will persist.

What is in fact the form of government being set up by Duterte and his cohorts is a pseudo-federal government ruled by a presidential fascist dictator. This autocrat and his minions in Congress are trying to keep themselves in power for ten more years without having to run and spend for their reelection.

In the absence of any revolutionary social transformation, the country will be getting more of the same ruling families of big compradors, landlords and bureaucrat capitalists at all levels of government. Corruption will continue to run rampant on top of excessive expenditures for establishing and elaborating on the regional level of government.

The US and other multinational firms will continue to plunder and ravage the human and natural resources of the Philippines. To get the blessings of the US and other imperialist powers, the new pseudo-federal constitution will get rid of the nationality requirements or restrictions on foreign investments in violation of economic sovereignty and national patrimony by simply inserting the phrase, "unless otherwise provided by law."

Precious limited resources for economic development, at best through centralized and regional planning, will be dissipated by profit remittances and capital repatriation by foreign monopoly firms, bureaucratic corruption and rising bureaucratic and military and police personnel for the central and regional levels of government.

The ever worsening crisis of the semicolonial and semifeudal ruling system will continue to result in the divisiveness of the reactionary classes, the intensification of the anti-imperialist and class struggle, the further rise of the armed revolutionary movement, dissatisfaction of indigenous peoples and national minorities and stronger currents of separatism among the Bangsamoro.

## Press Statement: On the Order to Close Down Rappler and the Railroading of Bicameral Resolution No. 8

*January 17, 2018*

The Securities and Exchange Commission (SEC) order to close down Rappler and the railroading of bicameral Resolution No.8 of both Houses of Congress to constitute themselves as the Constituent Assembly and to carry out charter change are part of the chain of events to impose the fascist dictatorship of Duterte on the Filipino people.

Prior events in the chain include the escalation of all-out war under Oplan Kapayapaan, frenzied extrajudicial killings in both urban and rural areas, extension of the duration of martial law in Mindanao until the end of 2018, the threat of martial law nationwide, the termination of peace negotiations with the NDFP and the labelling of the CPP and NPA and suspected supporters as "terrorists."

Duterte is hellbent on imposing fascist dictatorship on the Filipino people and is flagrantly using basically the same strategy and tactics of mass murder, intimidation, corruption and charter change as the late fascist dictator Marcos used.

Duterte´s pretense to change the unitary form of government to that of a federation is akin to Marcos´ pretense to shift to the parliamentary form of government. As in the case of Marcos, the real objective of Duterte is to concentrate powers in his hands as fascist dictator, to prolong his rule and serve his imperialist masters and fellow oligarchs and warlords through the transitional and regular provisons of a sham constitution.

Upon the ratification of a pseudo-federal constitution, Duterte will assume the powers of both the President and the Prime Minister. Elections next year will be canceled, with Duterte´s super majority in control of Congress and rewarding themselves with extended terms at higher salaries and bigger pork barrel benefits. He will be able to rule like an absolute monarch during the transition period, the end of which is not stipulated.

Charter change is not really to establish a federal government but a fascist dictatorship on top of a new layer of extremely expensive regional goverments ruled by big compradors, landlords, corrupt bureaucrats and warlords like Duterte. Duterte and his ilk want to do away with the restrictions on foreign investors, deliver to them cheap labor and the natural resources of the country, prevent national indutrialization and land

reform and bury the people under mountains of foreign and local debt and heavier taxes on consumption goods as the trade and budgetary deficits grow.

Duterte´s reign of greed and terror is inflicting intolerable suffering on the Filipino people and is driving them to wage various forms of resistance. There is now a broad united front of antifascist, anti-imperialist and antifeudal forces moving to isolate and overthrow the Duterte regime.

## JMS sa Pederalismo ni Duterte

*Enero 15, 2019*

Pakunwaring layunin ni Duterte na gamitin ang pederalismo upang lutasin ang lahat ng problema ng Pilipinas. Pero hindi naman yung form of government ang problema, hindi naman dahil unitary form of government at kailangang gawing pederal. Ang mga batayang problema sa Pilipinas ay imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Ang tunay na layunin ni Duterte ay yung magtayo ng pasistang diktadura sa pamamagitan ng pagngangawa niya tungkol sa pederalismo, ang akala niya magagaya niya si Marcos at maitayo niya ang pasistang diktadura.

**Tanong**:Paano itutulak ni Duterte ang chacha para sa pederalismo ngayong may pagtutol ang maraming senador, mga economic manager at defense secretary Lorenzana?

**Sagot**: Totoong malaking problema ni Duterte sa pagtulak sa chacha para magkaroon ng pederalismo. Una sa lahat tutol ang malawak na masang Pilipino sa pederalismo, pati na sa SWS maliwanag na 80 porsyento ng mga mamamayan ayaw ang pederalismo, sa senado dumami na yungtutol sa chacha. Dati rati e hindi makuha ni Duterte yung ¾ majority para mailusot yung chacha. Ngayon mas mahirap na, mismong sa hanay ng mga masusugid na followers niya sa mismong gabinete niya, yung mga economic managers niya nagpahayag na ng pagtutol dahil daw kung 50 porsyento ng national tax revenues ay ibibigay sa mga regional governments hindi na makakayanan ng national government na bayaran yung mga national debt. At sa unang taon pa lamang ng federal government malaking gagastusin, unaffordable, sobrang costly yung staffing, equipping at ibang gagawin para malikha yung regional level of government. At ang pinag-uusapan pa lang dyan yung gastos sa government reorganization. Mas malaking mawawalang pondo sa pamamagitan ng korupsyon ng mga asungot ni Duterte na mga local dynasties at mga warlord na maghahari sa mga regional government.

**Tanong**:Kung walang chacha, paano itatayo ni Duterte ang kanyang pasistang diktadura?

**Sagot**: Gagawin ni Duterte kung walang chacha, hindi niya makuha sa current conditions na nakakapagtutol pa ang maraming tao, uunahan niya yung pekeng chacha na isasagawa sa pamamagitan ng pagproklama ng martial law at state of emergency pagkatapos magpapareferendum

tulad ng citizens assembly ni Marcos. Sa kondisyon ng martial rule pwede niyang ipilit yung chacha. Pero hindi na sa pamamagitan ng constitutional assembly na sa ngayon ay minumungkahi pero ngayon nagkakaroon ng rough selling. So lalong nauudyukan si Duterte ng sarili niya na kailangan gumamit ng bakal na kamay. Convenience sa kanya na pinatay niya yung peace negotiations nang sa gayon magawa niyang escape goat yung CPP, NPA, idadahilan niya ang sandatahang pakikibaka para mag-martial rule. Sa ilalim ng martial rule maitutulak niya yung gusto niyang chacha at yung pseudo-federal constitution na isasagawa niya magbibigay ng absolute power sa kanya. Lahat ng governmental powers, executive, legislative at judicial magbibigay ng laya sa kanya para siya ang pakikitunguhan ng lahat ng naghaharing uri at mga imperyalistang katrato niya. Mahalaga kay Duterte ang pasistang diktadura dahil sa kanyang kasakiman sa kapangyarihan at sa plunder.

# MGA ARTIKULO MULA SA *ANG BAYAN*

## Economic cha-cha, pagtatraydor sa gitna ng pandemya

*Ilinathala sa Ang Bayan noong Enero 21, 2021*

Muling pinaarangkada ng mga kampon ni Rodrigo Duterte sa Senado at Kongreso ang pakanang charter change o pagbabago ng Konstitusyong 1987 pagpasok ng 2021.

Sa Mababang Kapulungan, sinimulan na noong Enero 13 ang pagdinig ng komite para sa pag-amyenda sa konstitusyon sa Resolution of Both Houses No. 2 (RBH2) sa tulak ni House Speaker Lord Allan Velasco. Si Velasco ang awtor ng naturang panukala na tinaguriang "one-line-chacha" o isang linyang charter change. Laman nito ang pagsisingit ng mga salitang “unless otherwise provided by law” (liban kung may nakasaad sa batas) sa mga seksyon sa Kontitusyon na naglilimita sa dayuhang pagmamay-ari sa lupa, likas na yaman, pampublikong yutilidad, intitusyong pang-edukasyon, midya at advertising.

Kung mapagtibay ang gayong pagbabago, maaaring baguhin o tanggalin ng Kongreso sa hinaharap ang naturang mga probisyon sa pamamagitan ng pagpasa ng mga batas kaugnay dito. Target nito ang mga seksyon na pumapatungkol sa pambansang patrimonya at ekonomya; edukasyon, syensya at teknolohiya, arte, kultura at isports; at mga angkalahatang probisyon. Pangunahing layunin nito na itodo ang liberalisasyon na magbibigay ng pahintulot sa mga dayuhan na 100% na magmay-ari ng lupa at mahahalagang negosyo na sa ngayon ay inirereserba sa mga Pilipino.

Giit ni Velasco, ang pagpapatupad ng cha-cha na ito ay upang makabangon ang bansa mula sa pandemya sa pamamagitan ng pagakit sa dayuhang pamumuhunan. Pero ayon sa mga pag-aaral, hindi dayuhang puhunan ang kailangan ng bansa kundi malaki-laking alokasyon upang subsidyuhan ang nagigipit na mga empresa at mamamayan para muling pasikarin ang ekonomya.

Dambuhalang kita, at hindi pagpapaunlad ng ekonomya ang pakay ng mga dayuhang kapitalista sa Pilipinas. Ayon sa Ibon Foundation, tuluy-tuloy at papalaki ang pumasok na dayuhang kapital sa bansa mula pa dekada 1980 sa kabila ng mga restriksyon sa konstitusyon. Mula abereyds na $187 milyon noong dekada 1980, nasa $6.3 bilyon na ito sa 2015-2019.

Sinaid lamang ng mga dayuhang kumpanya ang rekurso ng bansa at pinakinabangan ang murang lakaspaggawa ng mga Pilipino para magkamal ng dambuhalang kita. Hindi

naging instrumento ang dayuhang kapital para palaguin ang ekonomya at paunlarin ito para makatayo sa sariling paa. Litaw na litaw ito sa panahon ng pandemya kung saan walang kakayahang magmanupaktura ng batayang pangangailangang medikal ang

bansa. Nakaasa ang mga Pilipino at mga manggagawa nito sa suplay, pagpepresyo at kapritso ng dayuhang mga kumpanya sa batayang mga kagamitang medikal at gamot. Wala silang magawa kundi maghintay na maambunan ng bakuna.

Sa Senado, ibinunyag ni Sen. Tito Sotto na kinausap siya ni Duterte noong Nobyembre 2020 na buhayin ang charter change para sipain ang mga progresibong partido sa Kongreso sa pamamagitan ng pagbabasura sa sistemang party-list at itulak ang mga amyenda sa mga probisyon sa ekonomya. Mayroon nang inihapag ang dalawa niyang alipures na senador na panukalang pagbubuo ng constituent assembly para sa "limitadong mga amyenda" noon pang Disyembre 2020.

Binatikos ng Partido ang economic cha-cha at pagpapalabas na hindi ito kasing-sama ng nagdaang mga cha-cha na nakasentro sa mga probisyon sa pulitika. Anito, ang deklaradong layuning pagbibigay sa mga kapitalistang dayuhan ng karapatang buong pagmay-arian ang lupa, natural na yaman at mga negosyo ay katumbas ng ganap na dayuhang pagkubabaw sa ekonomya. Sa gayon, nagtatraydor si House

Speaker Velasco at kanyang mga kasapakat sa pagsusulong ng buubuong pagkolonya ng mga multinasyunal na korporasyon sa Pilipinas, sa pakikipagsabwatan sa mga lokal na kumpanya ng malalaking burgesyang kumprador.

Wala pang nakaupong rehimeng hindi nagtangkang baguhin ang Konstitusyong 1987 para tanggalin ang nalalabing mga proteksyon sa ekonomya. Batayang patakaran ng sunud-sunod na mga burukratakapitalistang gubyerno, na nagsisilbing ahente ng malalaking burgesyang kumprador, ang pag-akit sa mas maraming dayuhang pamumuhunan sa pamamagitan ng liberalisasyon.

Huling inilusot ng mga alipures ni Duterte ang cha-cha sa Kongreso noong Disyembre 2018 sa pangunguna ni dating House Speaker Gloria Macapagal-Arroyo. Hindi ito pumasa sa Senado.

## Cha-cha ni Duterte, sayaw tungong diktadura

*Ilinathala ng Ang Bayan noong Hulyo 21, 2018*

Pilit na pinasasayaw ni Rodrigo Duterte sa saliw ng kanyang niraratsadang charter change ("cha-cha") o pag-amyenda sa Konstitusyong 1987 hindi lamang ang mga mambabatas sa Kongreso, kundi pati ang sambayanang Pilipino. Sinusubukan niyang ikubli sa tabing ng pagsusog sa konstitusyon at sa pagbabagong anyo ng gubyerno ang hangarin niyang maging diktador na may walang hanggang kapangyarihan.

Makailang ulit na niyang sinubukang patugtugin ang plaka ng cha-cha sa Kongreso mula nang maluklok siya sa poder ngunit makailang ulit din siyang nabigo. Sa pinakabagong tangka, kinasangkapan ni Duterte sina dating Chief Justice Reynato Puno at dating Senate President Aquilino “Nene” Pimentel Jr. na namuno sa consultative committee (ConCom) na inatasang magsulat ng borador ng panukalang konstitusyon sa tangkang makakuha ng malawak na suporta ang kanyang "cha-cha."

*Sayaw ng diktadura*

Pinalalabas ng rehimeng Duterte na pederalismo ang pangunahing layunin ng kanyang tangkang chacha. Anito, sa ilalim ng pederalismo, mabubuwag ang labis na sentralisasyon ng kapangyarihan sa pambansang pamahalaan, at magdudulot ito ng higit na luwag para sa mga rehiyon pagdating sa pamamahala sa kanilang lokal na kapakanan. Ngunit kung susuriin ang borador ng “Pederal na Konstitusyon” ng ConCom ni Duterte, makikitang pawang buladas lamang ang sinasabing desentralisasyon ng kapangyarihan.

Ang totoong pakay ni Duterte sa cha-cha ay nakatago sa likod ng Artikulo 22 o sa mga probisyon para sa transisyon (mga hakbanging sa paglipat mula sa kasalukuyan tungo sa bagong konstitusyon). Nakasaad dito ang pagbubuo ng isang Komisyon sa Transisyon na halos lubos ang kapangyarihang magpatupad ng mga patakaran, regulasyon, utos, proklamasyon, at iba pang alituntunin sa panahon ng “transisyon." Sa unang borador ng ConCom, isinaad na si Duterte ang mismong mamumuno sa komisyong ito. Sa harap ng batikos sa garapal na pag-agaw ng kapangyarihan, binago ito ng ConCom at sa halip, isinaad na kailangang maghalal ng presidente at bise-presidente para sa transisyon.

Isinaad din na hindi na maaaring tumakbo si Duterte sa 2022. Subalit hindi naman siya pinagbawalan ng panukalang konstitusyon na tumakbo bilang presidente ng komisyon para sa transisyon. Kaya kung mararatipika ang panukalang konstitusyon sa 2019, at presidente pa rin si Duterte, mabibigyan siya ng hindi bababa sa tatlong taon para maging pangulong halos walang limitasyon ang kapangyarihan— diktador sa madaling salita.

*Indayog ng pagtutol*

Simula’t sapul, malawak na ang pagtutol sa anumang pagbabago sa Konstitusyong 1987. Paulit-ulit na itong tinangka at binigo ng

mamamayan mula pa noong panahon ng rehimeng Ramos hanggang sa rehimen ni Benigno Aquino. Ilang malalaking pormasyon na ang nabuo kontra cha-cha, kabilang ang "No to Cha-cha Coalition" na kinabibilangan ng mga progresibong grupo at maging mga batikang personaheng ligal gaya nina dating Chief Justice Hilario Davide at Atty. Christian Monsod. Parehong myembro ang dalawa ng kapulungan na bumuo ng kasalukuyang konstitusyon.

Ayon naman sa Movement Against Tyranny, ang cha-cha ni Duterte ay plano para sa pagpapalawig ng termino, pagpapayaman at diktadura. Samutsaring protesta na rin ang naganap laban sa chacha. Umaabot sa higit 300 akademiko, propesor at mga pangulo ng unibersidad ang lumagda sa isang pahayag na tutol sa balak na conass na ilulunsad ng Kongreso para amyendahan ang konstitusyon. Ayon sa kanilang pahayag, mas maraming isyu ang kinakaharap ng bansa na kailangang pagtuunan ng pansin ng pamahalaan, kabilang ang kabi-kabilang pagpatay bunsod ng kampanya kontra-droga at mga alitan sa pulitika, at ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Tutol din sila sa panukalang isuspinde o ikansela ang halalang 2019 para magbigay-daan sa pag-amyenda sa konstitusyon.

Kabilang sa mga lumagda sa pahayag ng grupong Professors for Peace ang pangulo ng bawat isa sa limang kampus ng Ateneo kabilang sina Fr. Jose Ramon Villarin ng Ateneo de Manila, Fr. Roberto Yap ng Xavier University-Ateneo de Cagayan, Fr. Roberto Rivera ng Ateneo de Naga, Fr. Karel San Juan ng Ateneo de Zamboanga at Fr. Joel Tabora ng Ateneo de Davao. Kabilang din sa pumirma sina President Armin Luistro ng De La Salle University, Chancellor Michael Tan ng University of the Philippines-Diliman, at President Dionisio Miranda ng University of San Carlos sa Cebu.

Kalakhan din ng mga senador ay lantaran nang tumututol sa cha-cha, bunsod ng panukala ni Speaker Pantaleon Alvarez, Jr. kamakailan na handa na ang Mababang Kapulungan na simula ang constituent assembly. Maging sa loob mismo ng bakuran ni Duterte, mayroong hindi pabor sa panukalang konstitusyon. Kamakailan, sinabi ni Secretary Ernesto Pernia ng NEDA (National Economic Development Authority) na tataas ang gastos ng gubyerno dahil sa pederalismo. Aniya, maaaring madagdagan ng P55 bilyon ang gastusin at uutangin ng estado dahil sa dami ng upisinang itatayo at mga upisyal na pasuswelduhin sa ilalim ng pamahalaang pederal.

Sa muling pagsalang ni Duterte sa sirang plaka ng cha-cha at litaw na pagpilit niyang sayawin ito ng sambayanan, tiyak na mapabibilis pa ang pagsuka sa kanya ng taumbayan at mapabibilis din ang pagbagsak niya mula sa poder.

## Mga protesta laban sa TRAIN at cha-cha

*Hango mula sa artikulo ng Ang Bayan noong Enero 21, 2018*

Tuluy-tuloy ang paglulunsad ng mga protesta ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa iba't ibang bahagi ng bansa laban sa pagbabago ng konstitusyon, TRAIN, pagsikil sa pamamahayag, laganap na pamamaslang at iba pang paglabag sa karapatang-tao.

**Kontra-TRAIN at cha-cha.** Naglunsad ng "payday protest" at "tax revolt" ang Bayan-Metro Manila, Gabriela, KMU, Kadamay laban sa bagong batas ng rehimen sa pagbubuwis o Tax Reform for Acceleration and Inclusion (TRAIN). Ginanap ang protesta sa palengke ng Trabajo sa syudad ng Maynila noong Enero 15. Nilibot ng grupo ang mga palengke par ikumpara ang presyo ng mga bilihin ngayon at noong nakaraang taon at alamin kung anu-ano na

lamang ang mabibili sa P70, ang abereyds na pwedeng gastusin ng isang pamilya para sa pagkain sa NCR. Nagkaroon din ng parehong protesta sa palengke ng Muñoz sa Quezon City, Bagong Silang sa Caloocan at Sta. Quiteria Church

at Plaza Salamanca sa Maynila, Noong Enero 15, sumugod ang grupo ng mga mangingisda at magsasaka sa ilalim ng Pamalakaya at KMP sa kongreso upang ipanawagan na ibasura ang TRAIN na magdadagdag ng gastos sa sektor ng agrikultura.

Sa ibang bahagi ng bansa, nagprotesta ang mga estudyante sa University of the Philippines- Miagao sa Panay noong Enero 17 para tuligsain ang TRAIN, pagsikil sa malayang pamamahayag at chacha ni Duterte. Noong Enero 18, sa pangunguna ng Kadamay kasama ang KMU, sinalubong ng pagkundena ang TRAIN sa Davao City. Ayon kay Francis Ruba, tagapagsalita ng Kadamay, mababawasan ang kita ng 15 milyong manggagawa sa rehiyon na sumasahod lamang ng P250 kada araw dahil sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Sa pakikiisa sa selebrasyon ng Ati-atihan sa Aklan, naglunsad ngSadsad (katuwaan) ang Bayan-Aklan bilang porma ng kanilang pag-alala sa pista ng Sto. Niño at protesta laban sa TRAIN at chacha. Ayon kay Kim-Sin F. Tugna, officer-in-charge ng Bayan-Aklan, ng selebrasyon ng Ati-atihan ay hindi dapat ihiwalay sa tiranikong kondisyon ng ating bansa.

Naglunsad rin ng kontra-TRAIN na protesta ang Bayan-Timog Katagalugan sa Barangay Pulo, Cabuyao, Laguna noong Enero 16. Anang grupo, 60% o 13.7 milyong pamilya sa rehiyon ang lalong malulugmok sa kahirapan dahil sa pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin.

Sa Panay noong Enero 10, nakiisa ang BAYAN -Panay sa pagtutol sa TRAIN. Anito, kailangang magkaisa at lumahok ang mamamayan sa mga mobilisasyon upang patuloy na iprotesta ang bagong pasanin at hindi katanggap-tanggap na pahirap sa mamamayan. Binuo sa Panay ang SCRAP RAIN Network-Panay na pinangunahan ni Elmer Forro.

## Pederalismo ni Duterte, pakana para ipataw ang pasistang diktadura

*Muka sa artikulo ng Ang Bayan noong Enero 7, 2018*

Isang pakana para ipataw ang pasistang diktadura ang iskemang pederalismo ni Rodrigo Duterte. Ito ang pahayag ni Kasamang Jose Maria Sison sa isa sa kanyang mga panayam noong Disyembre. Ani Sison, walang balak si Duterte na magtatag ng isang sistemang pederal ng paggugubyerno. Ang totoo, nais niyang itatag ang isang sentralisadong sistema ng presidensyal na diktadura na mangingibabaw sa mga rehiyunal na gubyernong pinatatakbo ng mga dinastiya, kabilang ng mga warlord at pinakakorap na mga burukratang katulad niya.

Suportado ang pakanang ito ng kanyang "supermayorya" sa kongreso, na ngayo'y nagtatangkangka iratsada ang resolusyong magsasanib sa kongreso at senado bilang isang constituent assembly (conass) para sa charter change (chacha) o pagbabago sa konstitusyong 1987. Noong Disyembre, sinimulan na ng kongreso ang deliberasyon sa House Concurrent Resolution No. 9, ang panukala para sa pagtatatag ng "con-ass." Itutuloy ang deliberasyon sa pagbubukas ng kongreso sa Enero 15.

Sa pakanang "con-ass," gagawa ang mga kongresista at senador ng mga amyenda sa konstitusyon sa loob ng apat na buwan. Isasalang ang mga amyendang ito para sa ratipikasyon kasabay ng eleksyong pambarangay sa Mayo. Solong itatakda ni Duterte, katulong ang kanyang mga kasapakat, ang mga pagbabago, kabilang ang mga probisyon sa pagtatatag ng huwad na pederalismo. Sa unang mga ulat kaugnay nito, isa sa matingkad na mungkahing amyenda ang pagpapalawig ng mga termino ng lahat ng nakaupong upisyal, kabilang si Duterte, nang hanggang 10 taon. Maaaring higit pa dito ang ekstensyon, pag-amin niPantaleon Alvarez, house speaker ng Kongreso. Walang anumang kredibilidad si Duterte sa kanyang paulit-ulit na pagtanggi sa pagpapalawig ng termino at pagsasabing agad-agad siyang bababa sa pwesto kapag naaprubahan na ang sistemang pederal. Eksperto si Duterte sa ganitong klaseng pagpapakipot, na ginagatungan at pinalalaki ng kanyang mga bayarang propagandista at tagapagsalita para palabasing hindi siya kapit-tuko sa poder.

Kasabay nito, nagpahayag ng pagkaalarma si Sen. Francis Pangilinan na maaaring ilusot ni Duterte ang isang amyendang katulad ng Amendment No. 6 na ipinasa noon ni erdinand Marcos para bigyan ang sarili ng kapangyarihan ng lehislatura. Sa gayon, mas mabilis pa niyang maisasabatas at maipatutupad ang mga patakaran at programang itinutulak ng kanyang rehimen, kabilang ang lubusang pagbubukas sa lokal na ekonomya sa imperyalistang pandarambong, kapalit ng bilyun-bilyong gusto niyang utangin mula sa mga ito. Hangga't wala ang tunay na rebolusyonaryong pagbabago sa lipunan, patuloy na maghahari ang mga pamilya ng malalaking kumprador, panginoong maylupa

at burukrata-kapitalista sa lahat ng antas ng paggugubyerno, ayon pa kay Ka Joma. Likas sa paghahari nila ang korapsyon, na lalupang titindi sa pag-uunahan nilang waldasin ang pera ng bayan para itayo ang kanilang mga gubyerno sa rehiyunal na antas. Para makuha ang suporta ng US at iba pang imperyalistang kapangyarihan para sa huwad na pederalismo, inalok na ng tutang rehimeng Duterte ang pagtatanggal ng mga restriksyon sa dayuhang pamumuhunan sa mga sektor na eksklusibo para sa mga lokal na negosyo.

## CHA-CHA NI DUTERTE:
## Ang Saligang Batas ng Pasismo, Diktadura at Pagpapakatuta sa Imperyalista

*Unang ilinathala noong Disyembre 2019*

Walang pagkakataon sa kasaysayang hindi humarap sa matinding paglaban ng mamamayan ang mga panukalang baguhin ang Konstitusyong 1987 o cha-cha. Bagamat nasa balangkas pa rin ng malakolonyal at malapyudal na sistema, may antas ito ng pagkilala sa mga karapatang tao at pagbibigay ng proteksyon sa pambansang ekonomya at patrimonya. Nagtatakda rin ito ng tiyak na mga limitasyon sa pagdedeklara ng batas militar. Ang gayong mga prubisyon ng konstitusyon ay resulta ng matagumpay na laban ng mamamayan para ibagsak ang pasistang diktadurang US-Marcos.

Sa kasalukuyan, patuloy na iginigiit ng mga imperyalista ang Cha-Cha at determinado naman si Duterte na sunggaban ito upang itulak ang kanyang kontra-rebolusyonaryo at diktaduryal na ambisyon.

Ilang taon na ang nakalipas mula noong dumagsa ang mga panukala ng pederalismo at cha-cha, bigo pa rin ang rehimeng ilusot sa Kongreso ang borador ng bagong konstitusyon. Ngunit sa pagmamadaling maisakatuparan ang kanyang diktadura, hindi malayong itaya ni Duterte ang lahat upang iratsada ito bago mapabagsak ang kanyang rehimen.

*Imperyalistang Disenyo para sa Pasismo at Pandarambong*

Bahagi ng imperyalistang disenyo ang Cha-Cha. Lahat ng tuta at pasistang rehimeng nagdaan ay nagpanukala ng pagpapalit ng Konstitusyon. At sa lahat ng ito, anumang panukalang porma ng gubyerno, hindi nawawala ang pagtatanggal ng mga natitirang restriksyon sa ekonomya ng Konstitusyon 1987. Sa pagsuporta ng mga rehimeng nagtutulak ng Cha-Cha, sabayang naisasakatuparan ng imperyalista ang hangarin niyang ganap na makontrol ang ekonomya ng bansa habang napagbibigyan ang layaw ng lokal na naghaharing-uri.

Kung sa kasalukuyan, ilinulusot nang palihim o tinatabingan ng mga proyektong pangkaunlaran o technical assistance ang pandarambong ng mga imperyalista at dambuhalang dayuhang kapitalista sa patrimonya ng bansa, lantaran na itong gagawin at bibigyang-ligalidad ng Cha-Cha ni Duterte.

Kapag naisakatuparan ang RBH 15, maaari nang ipagkaloob sa mga dambuhalang dayuhan at lokal na kapitalista ang operasyon ng pampublikong yutilidad tulad ng tubig,

kuryente at transportasyon, paglilinang ng mga mineral at iba pang hilaw na materyales at ang pagmamay-ari ng mga lupang agrikultural, na dati'y para lamang sa mamamayang Pilipino. Hindi na rin obligado ang gubyernong bumuo ng programa para sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Tinanggal na rin nito ang pagkilala sa kalakhan ng pang-ekonomyang karapatan ng mamamayan, tulad ng karapatan ng manggagawa sa seguridad sa trabaho, libre, naaabot at de-kalidad na edukasyon at maayos at abot-kayang pabahay. Ang mass media, advertising industry, pagsasanay ng propesyon at pamamahala sa mga institusyon ng edukasyon ay ibubukas na rin sa mga dayuhan.

Bahagi ng disenyong ito ang pagsuporta sa isang diktador na gagamitin ng mga imperyalista upang matiyak na maitutulak sa pananahimik at pagiging pasibo ang mamamayan kahit tumitindi ang kahirapan at pagsasamantala. Hindi kataka-takag dumadalas ang pakikipag-usap ni Duterte kina Donald Trump, Xi Jinping at Vladimir Putin para sa paghingi at pagbili ng mga armas para sa kontra-mamamayang gera.

*Diktadurang Duterte sa Ilalim ng Cha-Cha*

Kinakailangan ni Duterte ng mahigpit na konsolidasyon ng mga naghaharing uri at ganap na pag-aalis ng oposisyon sa gubyerno upang maabot ang tugatog ng kanyang diktadura. Ito, at hindi pederalismo o anumang makabuluhang pagbabago para sa mamamayan, ang nais niyang makamit sa pamamagitan ng Cha-Cha.

Ngunit kahit mismong mga nasa pangkating Duterte ay mayroong mga reserbasyon sa Cha-Cha. Sa ilang probisyon, malinaw na nagbibigay ng gantimpala si Duterte sa kanila upang pahupain at pigilan ang pagtindi ng tunggalian sa pagitan nila at makuha ang kanilang loob para sa Cha-Cha.

Sa Cha-Cha ni Duterte, hahatiin ang bansa sa siyam na rehiyon. Tatlong senador ang kakatawan sa bawat senador. Nangangahulugan ito ng pagtaas ng bilang ng mga senador mula 24 tungong 27. Tinatanggal din nito ang mga *term limit* ng mga kasapi ng Kongreso. Sa Konstitusyong 1987, mayroong anim na taon ang isang Senador sa isang termino. Maaari lamang maupo bilang Senador ang isang tao sa dalawang termino o, sa pangkabuuhan, 12 taon kung manalo siya sa magkasunod na eleksyon. Higit na pinalalawig ng Cha-Cha ang termino na ito. Sa pagtitiyak ng utang na loob at katapatan ng mga kasapi ng Kongreso, ginagarantiya ni Duterte na hindi siya kailanman haharap sa impeachment o mapapanagot sa kanyang mga krimen kahit matapos na ang kanyang termino. Tinitiyak din ng pinalawig na termino ng mga kongresista na walang hahadlang o magiging banta sa kanyang monopolyo sa pampulitikang kapangyarihan.

Maliban sa pagpapatid sa uhaw ng naghaharing-uri sa kapangyarihan, tinitiyak din ng RBH 15 ang pag-aalis ng anumang pagkakataong magkaroon ng tunay na kawani ng masang anakpawis na maglalantad at tutuligsa sa lahat ng neoliberal at pasistang pakana ng reaksyunaryong gubyerno.


Ibinubukas ng RBH 15 ang posibilidad na tanggalin ang sistemang partylist. Itinataguyod nito ang two-party system o isang sistema sa gubyerno kung saan dalawang pampulitikang pangkat lamang ang maaaring umiral at humawak ng pusisyon sa Kongreso. Magmumula lamang sa iisang pampulitikang pangkat ang pangulo at pangalawang pangulo. Hindi na maaaring tumakbo sa eleksyon ang sinumang hindi nagtapos ng kolehiyo. Inaalis din nito ang pagbabawal sa mga pampulitikang dinastiya. Tahasan nitong linilimitahan ang representasyon ng mamamayan at tinitiyak na magiging monopolyo ng naghaharing-uri ang burukrasya.

Dagdag pa rito, itinuturing nang patakaran ng estado na kundenahin ang terorismo, na ngayon ay mapanganib na sumasaklaw sa anumang porma ng paglaban ng mamamayan. Kinikriminalisa nito ang lahat ng porma ng paglaban at pagtutol sa mga patakaran ng gubyerno. Ibinabalik ng RBH 15 ang ala-ëBagong Lipunaní na obligasyon ng taumbayan sa estado. Binubuhay nito ang multo ng diktaduryang Marcos at iniindoktrina ang mamamayan bilang bulag na tagasunod ng pasistang diktadura. Inoobliga ang taumbayang maging sunud-sunuran ng estadong pugad ng naghaharing-uri at mga imperyalista. Binabaluktot ang pakahulugan ng karapatang tao at pinalalabas na ang pagpapailalim sa interes ng pasistang estado ay katumbas ng "responsableng" pagsapraktika ng mga karapatang ito.

Gaano man pabanguhin ni Duterte ang Cha-Cha, mulat ang taumbayan na wala itong idudulot na makabuluhang pagbabago para sa kanila. Kalakhan ng mga ipinapanukala sa Cha-Cha ay iyon din lang namang ginagawa ni Duterte kahit labag sa Konstitusyon at iba pang batas at internasyunal na kasunduan. Magsisilbi na lamang pormalidad ang Cha-Cha para gawing ligal ang kanyang mga pasistang pakana at mas lantaran nang makapanghimasok ang imperyalista sa ekonomya ng bansa.


Sinasalamin ng rehimeng US-Duterte ang sagadsaring kabulukan ng krisis ng malakolonyal at malapyudal na sistema. Hindi na dapat magulat si Duterte kung bakit nananatiling malakas ang rebolusyonaryong kilusan sa kabila ng kaliwaít kanang atake ng militar at saywar ng kanyang sibilyang junta. Lantad na ang Cha-Cha bilang kasangkapan ng mga diktador at pasista. At sinumang sumuporta o manguna sa pagsusulong nito ay tuta ng imperyalista. Nauubos na ang panahon ni Duterte upang itulak pa ang Cha-Cha sa loob ng kanyang nalalabing panahon. Ang tanging tiyak ay ang patuloy na paglahok ng malawak na hanay ng masang anakpawis sa wasto at makatarungang digma ng mamamayan.

# CHA-CHA: PANGARAP NG MGA PAPET NA REHIMEN



**REHIMENG US- RAMOS**

Noong 1997, ipinanukala ng People's Initiative for Reform, Modernization and Action (PIRMA) ang pag-amyenda sa probisyon ng Saligang Batas ng 1987 na nagbabawal sa muling paghahalal ng isang indibidwal para sa pagkapangulo. Pinangunahan ito ni Jose Almonte, National Security Adviser ni Ramos.




**REHIMENG US-ESTRADA**

Binuo ni Estrada ang pagbubuo sa Constitutional Correction for Development (CONCORD). Itinulak nito ang pagtatanggal sa mga restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari at pamumuhunan sa bansa.

# CHA-CHA: PANGARAP NG MGA PAPET NA REHIMEN



**REHIMENG US-ARROYO:**
Itinulak ng pangkating Arroyo ang parlamentaryong porma ng lehislatura. Sa pormang ito, pamumunuan ang lehislatura ng isang Prime Minister at papalitan ang Senado at Mababang Kapulungan ng Kongreso ng iisang Parliament.



**REHIMENG US-AQUINO**
Ipinagpatuloy ni Aquino ang tusong pagtutulak ng iba t ibang probisyon sa Konstitusyon 1987. Isinagasa rin niya ang mga patakarang nagbibigay-luwag sa dayuhang pamumuhunan.

Mga panukala batay sa Resolution of Both Houses No. 15 (RBH 15)

---

## MATITINGKAD NA PANUKALA SA CHARTER CHANGE NI DUTERTE

1. Ipinagbabawal ang lahat ng mamamayan na tumuligsa sa anumang patakaran ng reaksyunaryong gubyerno.
2. Pinalabnaw din ng cha-cha ang mga pang-ekonomyang karapatan ng mamamayan.
3. Ipinapanukala ang pagbabalik ng parusang kamatayan
4. Pinalalabnaw ang pagkilala ng gubyerno sa karapatang tao

# MATITINGKAD NA PANUKALA SA CHARTER CHANGE NI DUTERTE

**Buu-buong ibubukas ang ekonomya ng Pilipinas sa panghihimasok at pagsasamantala ng mga imperyalista at iba pang kapitalistang bansa:**

1. Pagmamay-ari ng mga pampublikong yutilidad tulad ng tubig, kuryente at transportasyon.
2. Pagbubungkal ng mga lupa at paglilinang ng mga mineral at iba pang hilaw na materyales.
3. Pagbubukas sa pagpapaupa sa mga korporasyon o asosasyon sa mga lupaing agrikultural.
4. Pagkontrol at pamamahala sa mga institusyon ng edukasyon.
5. Pagmamay-ari at pamamahala sa mass media.
6. Pagbubukas sa mga dayuhang magsanay sa kani-kanilang propesyon sa loob ng bansa.
7. Pagmamay-ari, pagkontrol at pamamahala sa advertising industry.

# MATITINGKAD NA PANUKALA SA CHARTER CHANGE NI DUTERTE

## Mga pagbabago sa komposisyon ng pamahalaan at mga kapangyarihan ng mga namamahala

1. Ang pagkakataon ng mga lokal na gubyerno o prubinsya na piliing maging federal state.
2. Pagpapairal ng Two-Party System.
3. Pagtatanggal ng mga limitasyon sa termino ng mga Senador at kinatawan ng Mababang Kapulungan.
4. Pagpapalawig sa termino ng Pangulo at Pangalawang Pangulo.
5. Pagpapaluwag ng mga rekisito upang mahalal ang mga naghaharing-uri.
6. Nakaambang pagtatanggal ng sistemang partylist.
7. Pag-aalis ng Filipino bilang pangunahing wika ng bansa.
8. Itatakda ang Commission on Human Rights bilang isa sa mga constitutional commission.
9. Malawakang pagtatanggal ng mga kawani ng gubyerno.
10. Paglaktaw sa pusisyon ng pangalawang pangulo bilang kahalili ng pangulo sa pagkakataong hindi na nito kaya gampanan ang tungkulin.



# Si Batoy at ang Cha-cha ni Duterte


BATOY

KOMIKS KANG BANWAAN

Ilinalathala ng Silyab, rebolusyonaryong pahayagan ng PKP-Bikol

Tomo II

Isyu III


ISANG ARAW SA BAKURAN NG ATING BIDA...
Ate Mika... may tanong po ako...
Ayon kay Duterte, kailangan ng bansa ng Cha-Cha ngayon!
Ano 'yun, Batoy?
Ano po ang Cha-cha?
Bakit sabi nila kailangan natin n'un?
Halika rito, pagkwentuhan nating dalawa.
Matagal na po ba ang Cha-cha?
Oo, Batoy. Matagal na ang Cha-cha. Lahat ng mga nagdaang papet na pangulo, mula nang mabuo ang Konstitusyon 1987, ay nangarap nito.
Fidel Ramos 1992-1998
Joseph Estrada 1998-2001
Gloria Macapagal-Arroyo 2001-2010
Benigno 'Noynoy' Aquino III 2010-2016


Bakit po 'yun ang pangarap nila?
Naglalaway sila sa kayamanan ng bansa - likas na yaman, lakas-paggawa. Lahat nang 'yan, Batoy. Gusto nila buung-buong makuha ang mga iyan.
Makikinabang kasi sila doon.
Edi, ibig pong sabihin pati ang mga amo nila nakikinabang?
Sa katunayan nga Batoy, sila ang pinakamasusugid na tagapaglako at pasimuno ng Cha-cha. Kapwa ang imperyalistang US at Tsina ay naghahangad ng katuparan nito. Nagpapaunahan na lang sila kung kaninong papet ang makapagpapalusot nito. Sa ngayon, si Duterte ang papet na inaasahan nila. Sinuman ang magtagumpay, makukontrol ang lahat ng aspeto ng lipunang Pilipino.
EKONOMYA
PULITIKA
MILITAR
KULTURA
ARAW-ARAW NA BUHAY NG MAMAMAYAN




Sa usapin ng ekonomya, magkakaroon na sila ng laya na paghati-hatian ang rekurso ng bansa. Humakot ng hilaw na materyales at lakas-paggawa habang binabaha naman ang Pilipinas ng sobrang produkto. Malaya nilang ibulsa ang mahuhuthot na labis-labis na tubo.


Wala ring pagrespeto ang Cha-cha sa soberanya ng mamamayan. Sa bersyon ng rehimeng US-Duterte, obligado ang taumbayan na sundin ang gubyerno kahit ito ay sa kapahamakan nila sa halip na nasa kamay nila ang kapangyarihan.








Bibigyang-daan din ng Cha-cha ni Duterte ang pagdaragdag ng poder para sa pangulo at kanyang mga alipures. Tinitiyak ng mga probisyon nito na mananatili sa kamay ng naghaharing pangkatin ang kapangyarihan.



Linulusot ni Duterte 'yan ngayong may Covid-19.
Grabe talaga! Sa halip na tulungan ang taumbayan, lalo pang pinahirapan!
HEHEHE! MAY MAS MALUPIT KAYSA COVID-19! DUTERTE VIRUS!!!
COVID 19
PASISMO
NEOLIBERALISMO
COVID 19
DUTERTE VIRUS


Eto pa, Batoy. Habang hindi pa tuluyang nakakalusot ang Charter change, kung anu-anong batas ang ipinapatupad ni Duterte ayon sa dikta ng imperyalistang US at sa sutsot ng Tsina. Sa pamamagitan ng mga ito, nangyayari na ang ninanais ng naghaharing-uri kahit wala pa ang Cha-cha.
Reporma sa lupa
100% Dayuhang Pagmamay-ari


Dapat talaga hindi makalusot ang Cha-cha!
Batoy, hanggat nandito ang mamamayang lumalaban - tulad mo, tulad ko, hindi sila magtatagumpay.
Ang kinakailangan, walang kapagurang pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan.
Batoy, Mika, madya na igdi! Magsisimula na ang pulong.
Papunta na po!


Nagkwentuhan lang po kami ni Batoy habang nagtatahi.
Ganun ba? O, pumasok na kayo at magsisimula na tayo.


Magandang umaga, Batoy! Magsisimula na ang talakayan. Pwede kang makinig.
Magandang umaga rin po sa inyong lahat! Sige, sali po ako!

# APENDIKS

## MGA PAMAMARAAN SA PAGBABAGO NG KONSTITUSYON O SALIGANG BATAS AT PROSESO NG MGA ITO:

- *Constitutional Convention* – Magkakaroon ng eleksyon kung saan pipiliin ang mga kalahok sa kumbensyon ng pagpapalit sa saligang batas. Maaari itong ipatawag ng Kongreso sa boto ng 2/3 ng lahat ng kasapi nito o di kaya, sa boto ng mayorya ng mga kasapi nito, ihatag sa mamamayan ang pagkakaroon ng naturang kumbensyon.
- *Constituent Assembly* – Ituturing kinatawan ng interes ng mamamayan ang mga myembro ng Kongreso kaya hindi na kailangang magkaroon ng eleksyon o iba pang proseso sa pagpili ng mga lalahok sa pagbubuo ng bagong saligang batas. Sa boto ng mayorya ng mga kasapi ng Kongreso, maaaring ipatawag ang Constituent Assembly. Ngunit anumang pagbabago sa saligang batas ay dapat maaprubahan ng ¾ ng lahat ng myembro ng Kongreso.
- *People's Initiative* – Sa ganitong pamamaraan, maaaring magpanukala ng mga pagbabago sa saligang batas ang mamamayan. Limitado ito sa iilang rebisyon at hindi maaaring saklawin ang pagbabago ng buong saligang batas.

# GABAY SA PAG-IMPRENTA

1. Tiyaking mayroong driver ng printer upang ma-*adjust* ang laki ng papel (Legal / 8.5 x 13").
2. Buksan ang dokumento gamit ang Adobe Acrobat.
3. I-click ang File at piliin ang PRINT o gamitin ang keyboard shortcut na CTRL + P.
4. Piliin ang BOOKLET sa PAGE SIZING & HANDLING.
5. Sa Booklet Subset, piliin muna ang FRONT SIDE ONLY.
6. Pagkatapos mag-print, baliktarin ang papel, sundin ang Gabay 2-5 ulit at piliin naman ang BACK SIDE ONLY sa Booklet subset.